# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2024년 12월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa mga kababaihan sa Kanluran at Gitnang Aprika 2**

Mahirap paniwalaan, pero Disyembre na, ang buwan na siyang katapusan ng taon. Ang ating mga grupo ng TWR Women of Hope sa buong mundo ay binigyan ng Panginoon ng pagkakataon na makilahok sa Kanya sa pagdadala ng pag-asa sa mga kababaihan sa pamamagitan ng ating ministeryo. Maraming tao na nakikinig sa programa ng Women of Hope ay tumanggap kay Jesus bilang kanilang Tagapagligtas at isinuko ang kanilang buhay sa Kanya na may tunay na pag-asa ngayon at magpakailanman. Nawa, ikaw at iyong mga mahal sa buhay ay magkaroon ng maganda at makahulugang Pasko sa pamamagitan ng regalo ni Jesus na ibinigay sa atin.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Ama, bigyan Mo ng tapang ang mga taong gumagawa upang mapalaya ang mga kababaihan mula sa mga mapagsamantala. Inutusan Mo kami na "Ipagtanggol ang karapatan ng mga taong kahabag-habag, na hindi kayang maipagtanggol ang kanilang mga sarili." (Prov. 31:8).

2. Diyos, nawa ang mga tao sa Senegal ay magkaroon ng pang-unawa na makilala ang mga bulaang tagapanguna ng relihiyon, maging matalino sila sa pagpili ng mga grupo na kanilang sasamahan at huwag nang magtiwala sa mga diyos-diyosan. (Col. 2:8)

3. Panginoon, bigyan Mo po ng kapayapaan, pag-iingat at kaligtasan ang mga taong naninirahan sa silangang Nigeria. Nawa ang karahasan mula sa mga di kilalang armadong lalaki ay magwakas na. (Ps. 91:1-5)

4. Mahal na Ama, hinihiling namin na magbigay Ka ng trabaho sa mga Kabataan sa Mali na angkop sa kanilang napiling kurso. Bigyan Mo po sila ng pag-asa habang sila ay naghihintay. (Rom. 12:12)

5. Ama, pagkalooban Mo ng tapang at karunungan ang mga bagong halal na pamunuan sa Liberia. Nawa ay gamitin ng mga Kristiano ang Iyong pamantayan sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa kalusugan, trabaho at edukasyon. (Ps. 72)

6. Dalangin namin, Ama, na ingatan Mo ang mga tao sa Gabon mula sa anumang mga karamdaman. Nawa ang lahat ay magkaroon ng pagkakataon para sa maayos na pangangalaga sa kalusugan. (Ps. 103:2-3)

7. Panginoon, gumawa Ka sa puso ng mga tagapanguna sa hilagang Côte d'Ivoire na may impluensya para patigilin ang gawain ng pagtutuli sa mga babae. (Prov. 31:8-9)

8. Nawa ay magdala ang Banal na Espiritu ng panibagong sigla sa mga kababaihan ng Central African Republic. Gamitin Mo ang grupo ng TWR Women of Hope upang matulungan ang mga kababaihan na lumago kay Cristo. (Eph. 3:16-19)

9. Dalangin namin, Panginoon, na nawa ay mapalakas ang mga kababaihan ng Benin na biktima ng sapilitang pagpapakasal. Nawa ay makilala Ka nila at magkaroon sila ng kapayapaan ng kalooban. (Isa. 41:10)

10. Ama, palakasin Mo at protektahan ang mga Kristiano sa Hilagang Nigeria na nahaharap sa pag-uusig ng mga dominanteng relihiyon. (2 Tim. 3:11)

11. Diyos, nawa ay pumagitna Ka sa mga Kristianong mag-asawa sa Mali na nagbabalak maghiwalay. Bigyan Mo po ng biyaya at karunungan ang mga mag-asawang ito upang maiayos ang mga bagay-bagay. (Matt. 19:6)

12. Salamat, Ama, dahil sa kapangyarihan ng Ebanghelyo ay nawasak ang gapos ng mga masamang bisyo na sumisira sa buhay ng mga kawawang Kabataan sa Liberia. (Rom. 1:16)

13. Diyos, hinihiling namin na nawa ang mga pinuno ng Gabon ay maging patas, walang inililihim at samasamang gumawa para sa ikabubuti ng bansa at ng mga mamamayan. (1 Tim. 2:1-2)


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

14. Sa pangalan ni Jesus, gapusin Mo po sana ang Espiritu ng pagpapatiwakal sa Côte d'Ivoire. Nawa, ang mga nakakaranas nito ay mapalaya at makatagpo ng tunay na buhay sa Iyo, Panginoon. (Job 33:4)

15. Ama, protektahan Mo ang mga mahihirap, at solong ina sa Central African Republic na nagahasa. Ipagkaloob Mo po ang kanilang mga pangangailangan gayundin ng mga batang naipanganak nila. (Ps. 82:3)

16. Humihiling kami ng trabaho at pangtustos para sa mga kababaihan lalong-lalo na sa mga naaapektuhan ng krisis sa ekonomiya na nangyayari sa Benin. Panginoon, ipagkaloob Mo po ang kanilang mga pangangailangan. (Ps. 81:16)

17. Ama, hanguin Mo po ang mga Nigerian mula sa maling paniniwala at pagtitiwala sa mabubuting gawa at mga tradisyon. Nawa ay yakapin nila ang nakakapagbigay-buhay na relasyon sa Iyo. (John 4:24)

18. Diyos, ipagkaloob Mo po ang mga pangangailangan ng mga nawalan ng asawa o magulang dahil sa terorismo sa Mali. Nawa ay manaig ang hustisya at manumbalik sa Iyo ang mga maysala. (Isa. 1:17)

19. Pagalingin Mo, O Panginoon ang mga babae sa Liberia na nalulong sa droga at naabusong seksual ng kanilang pamilya. Nawa ay igalang, mahalin at alagaan sila ng kanilang pamilya. (Eph. 6:4)

20. Diyos, nawa ang mga kababaihan sa Côte d'Ivoire na nakikinig sa Women of Hope ay maipamuhay ang kanilang naririnig upang mabago ang kanilang mga buhay. (Rom. 12:2)

21. Ama sa langit, bigyan Mo nawa ng inspirasyon ang mga mambabatas sa Central African Republic upang makagawa ng mga batas na magpoprotekta sa mga kababaihang naaabuso ng kanilang asawa. (Ps. 10:17-18)

22. Ama, iligtas Mo at bigyan ng kagalingan ang mga bata at ulila sa Benin na minamaltrato at sinasaktan. (Ps. 72:4)

23. Panginoon, bigyan Mo ng inspirasyon ang mga Kristiano sa Gabon upang taimtim na manalangin para sa kapayapaan at katarungan sa kanilang bansa. Nawa ay maikalat ng mga mananampalataya doon ang Iyong biyaya at kahabagan sa mga tao sa kanilang paligid. (Mic. 6:8)

24. Diyos, ibuhos Mo ang iyong probisyon sa mga pamilyang dumadaan sa hirap at matinding kahirapan dahil sa mataas na presyo ng mga bilihin sa Nigeria. (Ps. 23:1)

25. Panginoon, hinihiling namin na patatagin Mo ang sitwasyon sa socio-politica at seguridad sa Alyansa ng mga Estado ng Sahel, na sumasakop sa Mali, Niger at Burkina Faso. (Rom. 12:18)

26. Ama, bigyan Mo ng karunungan at kalakasan ang mga Kristianong kababaihan sa Liberia na tumutulong sa mga kabataang namumuhay sa kalsada sa kanilang pangangailangang espiritual, pisikal, at iba pang pangangailangan. (James 2:26)

27. Diyos, nawa, ang mga Kabataan sa Gabon ay magkaroon ng pagkakataon sa magandang edukasyon at matalinong payo upang magkaroon sila ng pag-asa at magandang kinabukasan. (Prov. 11:14)

28. Panginoon, baguhin Mo ang puso ng mga gumagawa ng kwento sa Social Media na nanghihikayat ng imoralidad. Sa halip, nawa ay gumawa sila ng malinis, at nagbibigay buhay na mga kwento. (Phil. 2:15-16)

29. Diyos, nawa ay makalikom ng pondo sa Liberia upang ang mga kababaihan na nangangailangan ng solar-powered radio ay makapakinig sa Women of Hope. (Matt. 7:7-8)

30. Kung minsan, ang mga asawang babae at mga bata ng sundalong Gabonese ay nahaharap sa kahirapan at napapabayaan. Ama, bigyan Mo po ng pagkakataon ang aming grupo na mapaglingkuran ang mga mahahalagang kaluluwang ito. (Ps. 9:9-10)

31. Panginoon, hinihiling namin sa Banal na Espiritu na nawa ay mabigyan ng inspirasyon ang mga kababaihan sa Côte d'Ivoire upang sila ay magkaroon ng buhay na mapanalanginin at personal na relasyon sa Iyo. (Matt. 6:6)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**